Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-SAMPUNG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG LUNES, IKA-12 NG MARSO, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO	- Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
3. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.	- Kagawad
4. Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
5. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
6. Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
7. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
8. Kgg. MARCELITO S. LASERNA	- Kagawad
9. Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11. Kgg. ARIES A. ALCABASA	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1052-2001

(Akda ni Pang. Punong-bayan Lijauco)
(Sa mungkahi ni Kag. Factoriza na pinangalawahan ni Kag. Algabre)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AATAS SA MGA GAGAWA NG MGA SUBDIBISYONG BAHAYAN, KOMERSIYAL O INDUSTRIYAL O MALAKING ESTABLISIMIYENTO NA GUMAWA NG DAANG PUBLIKO SA GILID NG SUBDIBISYON AT PATUNGO SA LIKOD NA LOTE.

DEKLARASYON NG ALITUNTUNIN

SAPAGKA'T, napakahalaga sa patuloy na kaunlaran ng bayang Santa Rosa, Laguna na lahat ng lugarin nito'y madaling mapuntahan;

SAPAGKA'T, ang kakulangan ng mga pampublikong kalsada ang pangunahing sanhi ng paninikip ng trapiko sa lansangan ng Santa Rosa;

SAPAGKA'T, ang nasabing paninikip ng trapiko ay magkakalunas lamang kung magkakaroon ng mga bagong pampublikong daanan na magbabawas ng mga sasakyan mula sa mga kasalukuyang lansangan;

NGAYON, SAMAKATUWID, ay ipinasiya ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna na ang lahat ng mga magtatayo ng mga subdibisyong pambahayan, pang-komersyo o pang-industriya ay inaatasan gumawa ng kalsadang publiko sa gilid ng kanilang lupa at patungo sa susunod na lote sa likuran.

Vegie 4/26/01 6/26/01

ARTIKULO 1
SAKLAW NG KAUTUSAN

Seksiyon 1. Ang Kautusang Bayan na ito ay sumasakop sa lahat ng magsasagawa ng mga subdibisyong bahayan, komersiyo o industriyal na ilalagay sa bayan ng Santa Rosa, Laguna na may malawak na lupang maaring mawalan ng daanan kung hindi maagapan ng Kautusang Bayang ito. Sakop din ang gagawing malaking establisimiyentong komersiyal o malaking pagawaan.

Seksiyon 2. Mga Kahulugan ng Kataga

Daang Publiko – Sa saklaw ng Kautusang ito ang daang publiko ay loteng ginagamit bilang kalsada na ari ng pamahalaang bayan ng Santa Rosa, Laguna at ang lapad ay 14 na metro sa buong kahabaan.

Malaking Establisimiyentong Komersiyal – isang komplex o grupo ng mga tindahan sa ilalim ng iisang pamamalakad na sumasakop sa 3 o higit na hektaryang lupa.

Malaking Pagawaan – isang pagawaang industriyal na sumasakop sa 3 o higit na hektaryang lupa.

ARTIKULO II
PANUNTUNANG PINAPATUPAD

Seksiyon 1. Ang Pambayang Tagamasid ng Zoning ang mag-aabiso sa mga negosyong kumukuha ng pahintulot na magpaunlad ng mga subdibisyon o malaking establisimiyentong saklaw ng kautusang ito na kailangan nilang maglaan ng daang publiko sa gilid ng loteng pinauunlad at tungo sa susunod na lote sa likod. Ang daanang ito ay dapat isama sa planong isusulit ng nagpapaunlad sa Sangguniang Bayan at sa Punong-bayan bilang bahagi ng kanilang pahintulot ng Pagpapaunlad.

Seksiyon 2. Sa pagkakataong hindi naman kailangan pa ng bagong pahintulot sa pagpapaunlad ng lote, ang Pambayang Inhinyero ay binibigyang tungkulin na siguraduhin na ang nasabing daang publiko ay isama sa mga planong isusulit para sa pagkakaloob ng pahintulot na magtayo.

Seksiyon 3. Walang pahintulot sa pagpapaunlad o pagtatayo na ibibigay ang pamahalaang bayan ng Santa Rosa, Laguna kapag hindi kasama sa mga plano ang nasabing daang publiko.

Seksiyon 4. Ang nasabing daang publiko ay kailangang isulit bilang donasyon sa pamahalaang bayan ng Santa Rosa, Laguna upang ito'y maipaayos. Ang kasulatan ng donasyon ay kailangang maisulit sa Tanggapan ng Punong-bayan sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa pagkakaloob ng kaukulang pahintulot ng pamahalaang bayan.

ARTIKULO III
KAPARUSAHAN

Seksiyon 1. Ang hindi pagsulit ng hinihinging talaan ay magiging dahilan sa hindi pagbibigay ng kaukulang pahintulot na magtayo ng gusali.

Seksiyon 2. Ang paglabag sa Seksiyon 4 ng Artikulo II ay magiging dahilan na masuspindi ang isang naibigay na pahintulot na makapagtayo ng gusali habang ito'y itinatayo. Kung tapos na ang pagawain, maaring hindi ibigay ang pahintulot na gamitin ang gusali hanggang hindi natutupad ang alituntunin sa Seksiyon 4 ng Artikulo II ng Kautusang ito.

ARTIKULO IV
PAGPAPAWALANG-BISA

Ang lahat ng mga Kautusang Bayan o reglamento o mga bahagi nito na labag sa ngayong pinagtitibay na kautusang bayan ay pinapawalang-bisa o sinususugan.

ARTIKULO V
PAG-IRAL

Ang Kautusang Bayang ito ay iiral o magkakabisa matapos na ito'y pagtibayin ng Sangguniang Bayan at ng Punong-bayan at ito'y mapalathala sa anumang pahayagang nababasa sa pamayanan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

(Lgd) **O. RAMON L. LIJAUCO**
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

(Lgd) **LEON C. ARCILLAS**
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-10 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-12 ng Marso, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim